
# Kabanata 4 Pamumuhay/Transportasyon

Ang mga patakaran sa trapiko ng Japan ay maaaring iba kung ikukumpara ito sa inyong pinanggalingang bansa.
Siguraduhin na nauunawaan mo ang mga patakaran ng trapiko upang mamuhay ng maayos at ligtas.

## 4-1 Patakaran ng Trapiko


VIDEO

【Kapag naglalakad sa bangketa】




①Naglalakad ang mga tao sa kanang bahagi ng sidewalk.

②Tumatakbo ang mga sasakyan sa kaliwang bahagi ng kalsada.



③Kapag tumatawid sa kalsada, tumawid sa pedestrian crossing.


【Kapag nakasakay ng bisikleta】




①Ang mga bisikleta ay karaniwang tumatakbo sa kaliwang bahagi ng kalsada. Maaari magbisikleta sa bangketa na minarkahan ng "Bicycle Permitted" sa kalsada.





②Dapat ay huminto kapag may nakitang "Stop" na karakula.



③Obserbahan ang mga ilaw sa trapiko sa mga interseksyon.
Dumaan sa daanan para sa mga bisikleta.



④Huwag tumawid nang pahilis sa intersection. Gawin ang "two-step right turn."



⑤Huwag magbisikleta kung ikaw ay nakainom ng plak.




⑥Huwag magbisikleta habang gamit ang payong.



⑦Huwag magbisikleta habang nakikinig ng musika gamit ang headphones.




⑧Huwag magbisikleta habang gamit ang inyong mobile phone.



⑨Huwag magbisikleta ng magkatabi.



⑩Huwag bilisan ang pagpapatakbo ng bisikleta.
Magbisikleta ng may ligtas na bilis.



⑪Huwag mag-angkas.



⑫Buksan ang ilaw sa gabi.

- Ang mga hindi susunod sa mga patakarang ito ay maaaring maging resulta ng pagbayad ng multa at pagkakulong.
- Kapag ikaw ay nagdulot ng aksidente, kailangan mong managot para sa mga pinsala (malaking halaga ng pera). Ipinapayong kumuha ng insurance para sa bisikleta.

## 4-2 Paraan kung paano magparehistro para sa pag-iwas sa krimen sa bisikleta

【Pagpaparehistro para makaiwas sa pagnanakaw ng bisikleta】



■ Iparehistro agad kapag bumili o binigyan ka ng bisikleta.

＜Selyo ng pagpaparehistro＞




Kapag bumili ng bisikleta magparehistro ng bago

Kapag ito ay binigay, baguhin ang pangalan ng pagpaparehistro.

Isang Paalala


■Maaari kang magparehistro ng bago o magpabago ng pangalan ng pagpaparehistro sa kahit saang tindahan ng mga bisikleta.

■Siguraduhing dalhin ang inyong "residence card".





【Kapag ipaparada ang bisikleta]】

①Iparada ang inyong bisikleta sa mga itinalagang "Bicycle Parking".



②Huwag ito iparada sa kalsada. (Dahil ito ay kukunin ng mga "collection agent".)



## 4-3 Paano sumakay ng Pampublikong Sasakyan


【Uri ng mga pampublikong sasakyan】



| JR | Private Railway | Subway | Bus | Tram | Shinkansen |
|---|---|---|---|---|---|

【Paano sumakay sa tren ( JR/Private Railway/Subway)】

①Tingnan ang mapa ng ruta para sa direksyon




②Bumili ng tiket kung saang lugar ka pupunta



③Dumaan sa "ticket gate"



※Kung mayroon kang transportation IC card hindi mo na kailangan bumili ng tiket, itapat ang IC card sa ticket gate at dumaan.







【Paano sumakay ng bus】

① Kapag pareho ang pamasahe sa bus kahit saan ka magpunta (kapag ang pamasahe ay nakapirmi)


⇒ Karaniwan nagbabayad pagkasakay ng bus.



② Kapag nagbabago ang pamasahe depende sa distansya ng lugar na pupuntahan

⇒ Pagkasakay ay kumuha ng denumerong tiket.

⇒ Bago bumaba, tingnan ang numero ng inyong tiket at bayaran ang halaga na ipinapakita sa ilalim ng parehong numero sa talaan na nasa harapan.







※Maraming mga bus na maaari mong gamitin ang IC card.

Kung mayroon kang IC card, pindutin nang isang beses kapag sumakay o dalawang beses kapag sasakay at bababa



※Kapag nais bumaba ng bus, pindutin lamang ang pindutan upang ipaalam sa drayber.




【Kaugalian kapag sumasakay sa pampublikong transportasyon】




①Maghintay at pumila sa linya kapag nasa platform o sa bus stop




②Kapag sashay ng tren o bus, paunahin muna ang mga bababang tao at tsaka sumakay.



③Sa mga tren at bus, huwag magsalita ng malakas o kaya ay makipag-usap sa telepono.



④Bigyang pansin ang tunog na tumatagas mula sa iyong headphone.




⑤I-off ang iyong mobile phone I-off ang mobile malapit sa priority seat dahil sa epekto nito sa pacemaker, atbp.




<Priority seat mark>

＜ NIHONGO Gamitin natin! ＞

Ano ba ang ibig sabihin ng <u>priority seats</u>?

Turuan mo ako kung <u>paano sumakay ng bus</u>.